Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-24 NG NOBYEMBRE, 2011 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Virgelio M. Astillo | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x-----------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BLG. 11-11-120

**ORDINANSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG MGA DAYUHANG MANGANGALAKAL NA MAGTINDA SA BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA ARAW NG DISTRIBUSYON NG CONDITIONAL CASH TRANSFER (CCT), DATING PROGRAMANG PANTAWID PAMILYANG PILIPINO PROGRAM (4Ps) NG KAGAWARAN NG KAGALINGANG PANLIPUNAN AT PAGPAPAUNLAD (DSWD)**

**May-Akda: Kgg. Leonardo A. Andallon**

ITINATADHANA ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro:

**SEKSIYON 1.** Upang mapangalagaan ang interes ng mga lokal na mga negosyante at mapasigla ang sirkulasyon ng salapi sa Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro, mahigpit na ipinagbabawal para sa lahat ng mga dayuhang mangangalakal ang magtinda sa Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa araw na itinakda para sa distribusyon o pamamahagi ng Conditional Cash Transfer (CCT), dating Programang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ng Kagawaran ng Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad (DSWD);

**SEK. 2.** Tanging mga negosyante o mangangalakal na lehitimong residente ng Bulalacao, Oriental Mindoro ang binibigyang karapatan na magtinda sa naturang araw na binabanggit sa Sek. 1 nito, matapos na mapagkalooban ng kaukulang Mayor's Permit at makapagbayad ng lahat ng bayarin alinsunod sa itinakda ng ordinansa para dito;

Scanned with CamScanner

**SEK. 3.** Ang gawaing pagtitinda ay gagawin lamang sa lugal na nasasakupan ng pamilihang bayan o sa alinmang lugal na maaaring itatakda ng Tagapamahala ng Pamilihang Pambayan (Market Administrator) sa kapahintulutan ng Punong Bayan;

**SEK. 4.** Anumang paglabag sa ordinansang ito ay may kaparusahang pagmumulta ng halagang Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php2,500.00) o pamimilanggo ng anim (6) na buwan o ang magkaparehong pagmumulta at pamimilanggo alinsunod sa pasiya ng Hukuman;

**SEK. 5.** Ang ordinansang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos maipaskel sa mga pampublikong lugal;

**ISINABATAS** ngayong ika-24 ng Nobyembre, 2011 sa Bulalacao Silangang Mindoro.

---

**EDUARDO C. ACERON**
Konsehal

**GIDEON B. ABUEL**
Konsehal

**EMELITA A. OSORIO**
Konsehal

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Konsehal

**LEONARDO A. ANDALLON**
Konsehal

**JUAN L. SALAS, SR.**
Konsehal

**SENEN C. FAMILARA**
Konsehal

**RAMON G. MAGBANUA**
Konsehal

**VIRGELIO M. ASTILLO**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
**Kalihim ng Sanggunian**

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 12-01-11

111124/SOB/jpc

Scanned with CamScanner